

**Bahagi 1: Kumpletuhin ang mga form ng hukuman**

Kakailanganin mong kumpletuhin ng hindi bababa sa tatlong mga form upang humingi ng isang utos sa pagpigil sa karahasan sa tahanan:

**Mga kinakailangang form:**

- [Form DV-100](#);
- [Form DV-109](#);
- [Form DV-110](#); at
- [Form CLETS-001](#).

**Mga opsyonal na form:**

Kung mayroon kang isang anak o mga anak sa kabilang panig, maaari kang humingi ng karagdagang proteksyon, tulad ng mga utos sa pangangalaga ng bata. Upang gawin ang mga kahilingang ito, kailangan mong kumpletuhin ang dalawa pang form:

- [Form DV-105](#); at
- [Form DV-140](#).

Kung gusto mong humingi ng suporta sa bata o suporta sa asawa, gawin ang kahilingan sa form DV-100 (tingnan ang item (24) o (25)) at kumpletuhin ang isa pang form:

- [Form FL-150](#).

**Karamihan sa mga form ng hukuman ay mga pampublikong dokumento. Ano ang ibig sabihin ng “publiko”?**

Kapag naghain ka ng mga papeles sa korte, nagiging “publiko” ang mga papel na iyon. Nangangahulugan ito na maaaring hilingin ng sinuman sa korte na tingnan ang impormasyong inilagay mo sa iyong mga papel. Gayundin, makikita ng taong kanino mo nais na maprotektahan ka ang lahat ng impormasyon sa iyong mga papeles sa korte, dahil kailangan mong personal na maihatid ang mga papeles na ito sa kanila. Ito ay tinatawag na “personal na serbisyo,” at ang karagdagan pang impormasyon ay makukuha sa [form DV-200-INFO](#), *Ano ang “Patunay ng Personal na Serbisyo”?*

**Ilang taon ba dapat ako para humingi ng sariling kong kautusan sa pagpigil laban sa isang tao?**

Para humingi ng kautusan sa pagpigil, dapat ay 12 taong gulang ka o mas matanda. Sa ilang kaso, maaaring hilingin ng hukom na tulungan ka ng adult (sinumang 18 taong gulang o higit pa), tulad ng pinagkakatiwalaang kamag-anak, sa iyong kaso.

**Mga tip para sa pagkumpleto ng form DV-100****Kinakailangang ugnayan**

Sa item (3), dapat ay mayroon kang isa sa mga nakalistang relasyon sa pagitan mo at ng taong gusto mong protektahan. Kung wala sa mga ito ang naaangkop, pumunta sa <https://selfhelp.courts.ca.gov/restraining-orders>. para sa impormasyon tungkol sa iba pang uri ng mga utos ng pagbabawal kung saan maaari kang kwalipikado.

**Ilarawan ang pang-aabuso**

Sa mga item (5)–(7), dapat mong ilarawan ang pang-aabusong nangyari. Ang bahaging ito ay mahalaga, dahil ang hukom ang magpapasya kung bibigyan ka ng kautusan sa pagpigil batay sa impormasyong iyong ibibigay. Para sa karagdagang impormasyon kung ano ang ibig sabihin ng pang-aabuso sa ilalim ng batas, tingnan ang form [DV-500-INFO](#), *Matutulungan ba Ako ng Isang Kautusan sa Pagpigil laban sa Karahasan sa Tahanan?*

**Ayokong makita ng mga tao ang aking address**

Maaaring ayaw mong may makakita ng ilang partikular na impormasyon, tulad ng iyong address. Hindi mo kailangang ibigay ang address kung saan ka nakatira sa form DV-100, item (1). Maaari kang gumamit ng ibang address, tulad ng address ng isang kaibigan o P.O. box. Siguraduhing kunin muna ang pahintulot ng tao na gamitin ang kanyang address, dahil ang anumang papel na ipapadala sa iyo ng korte o iba pang mga kasulatan para sa iyo ay mapupunta sa address na iyong inilista sa item (1). At siguraduhin na ang taong iyon ay magsasabi sa iyo kaagad kung makakakuha ka ng sulat mula sa korte.

**Ayokong makita ng mga tao ang impormasyong ibinibigay ko tungkol sa isang bata (menor de edad)**

Maaari mong hilingin sa korte na gawing pribado (kumpidensyal) ang ilan sa mga impormasyong ibibigay mo tungkol sa isang bata. Kung gagawing pribado ng korte ang impormasyon tungkol sa isang bata, hindi makikita ng publiko ang impormasyong ito sa iyong mga papeles sa korte. Tingnan ang [form DV-160-INFO](#) para sa tulong sa paghiling sa korte na gawing pribado ang impormasyon ng isang bata.

## Paano kung ang kabilang panig ay may mga armas (baril) o amunisyon?

Sa item (9), ilita ang impormasyong mayroon ka tungkol sa anumang mga armas (baril), bahagi ng baril, o amunisyon na maaaring pagmamay-ari o may access ang kabilang panig. Ang impormasyong ito ay mahalaga sa hukom. Maaaring abisuhan ng hukom ang tagapagpatupad ng batas tungkol sa anumang mga armas, kabilang ang mga ilegal o hindi nasusubaybayang baril na tinatawag na “ghost guns.” Kapag naabisuhan, dapat gawin ng mga nagpapatupad ng batas ang kanilang makakaya para makuha ang mga baril kung mayroong kautusan sa pagpigil.

## Ano ang ibig sabihin ng “Iba pang mga order” (item (14))?

Binibigyang-daan ka ng seksyong ito na gumawa ng anumang mga espesyal na kahilingan na kailangan mo upang maiwasan ang higit pang pang-aabuso ng kabilang panig.

## Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng “Bayaran ang Mga Utang na Inutang para sa Ari-arian” (item (22)) at “Bayaran ang Mga Gastos na Dulot ng Pang-aabuso” (item (23))?

Kung gusto mong magbayad ang kabilang panig ng utang para sa ari-arian, tulad ng kotse o mortgage, maaari mong gawin ang kahilingang ito sa item (22). Kung gusto mong bayaran ka para sa pinsalang nangyari dahil sa kanilang pang-aabuso, tulad ng pagsira sa iyong cellphone o para sa mga medikal na bayarin, maaari mong isagawa ang kahilingang ito sa item (23).

## Ano ang “Suporta sa Asawa” (item (25))?

Kung ikaw ay kasal sa tao kung kanino mo nais na maprotektahan ka o nasa isang rehistradong pagsasama sa tahanan, maaari mong hilingin sa isang hukom na utusan silang bayaran ka ng suporta sa asawa. Ang halaga ng suporta sa asawa ay nakadepende sa iba't ibang dahilan, kabilang ang kung magkano ang kinikita mo kumpara sa kung magkano ang kinikita ng kabilang panig. Mahalagang malaman na sa California, hindi ka makakakuha ng suporta ng asawa para sa mga kasal na “karaniwang batas”, kung saan ang mga partido ay namuhay na parang mag-asawa ngunit hindi kailanman legal na ikinasal. Hindi kinikilala ng California ang “karaniwang batas” na kasal.

## Ano ang “Programang Pag-iwas sa Batterer” (item (27))?

Sa karamihan ng mga kaso, ito ay isang taon na programa na tumutulong sa isang tao na makilala ang mapang-abusong pag-uugali upang mahinto nila ang pang-aabuso. Hindi tulad ng mga programa sa pamamahala ng galit, ang layunin ng mga programa ng pag-iwas sa batterer ay ang pagpigil sa isang tao sa paggamit ng kapangyarihan at kontrol sa kanilang mga relasyon. Kung inutusang kumpletuhin ang programa ng isang hukom, ang pinigilan na tao ay kailangang magbayad ng mga bayarin sa programa. Susubaybayan ng programa ang pag-unlad at pagdalo.

## Bahagi 2: Ihain ang iyong mga papeles sa hukuman

Ang paghahain ay kapag ibinigay mo ang iyong mga nakumpletong papeles sa hukuman ng korte. Upang ihain ang iyong mga papeles sa hukuman, maaari mong tawagan ang klerk ng hukuman upang malaman kung saang opisina ng hukuman pupunta. Kung gusto mong mag-file online (e-file), tingnan ang website ng iyong lokal na hukuman para sa karagdagang impormasyon. Upang mahanap ang iyong lokal na hukuman o ang kanilang website, pumunta sa: [www.courts.ca.gov/find-my-court.htm](http://www.courts.ca.gov/find-my-court.htm).

## Bahagi 3: Kunin ang iyong mga papel mula sa korte

Pagkatapos mong ibigay ang iyong mga papeles sa korte, kakailanganin mong kunin itong muli mula sa korte. Ang iyong mga papel ay magiging handa sa parehong araw o sa susunod na araw ng pasok. Tanungin ang klerk ng hukuman kung kailan magiging handa ang iyong mga papeles sa hukuman. Maaaring kailanganin mong bumalik sa opisina ng hukuman para kunin ang iyong mga papeles kung hindi maibalik sa iyo ng korte ang mga ito sa elektronikong paraan. Tingnan ang iyong mga papeles para makita kung binigyan ka ng hukom ng pansamantalang kautusan sa pagpigil, sa form DV-110.

- ▶ Kung **binigyan** ka ng hukom ng pansamantalang proteksyon at gusto mo itong tumagal nang mas matagal, tiyaking dadalo ka sa iyong pagdinig sa korte (nakalista sa form DV-109).
- ▶ Kung hindi ka binigyan ng hukom ng pansamantalang kautusan sa pagpigil, maaaring bigyan ka ng hukom ng kautusan sa pagpigil sa iyong pagdinig sa korte (nakalista sa form DV-109).

**Bahagi 4: Ipahain sa isang tao ang iyong mga papeles**

Dapat kang magkaroon ng isang adult na personal na magbibigay ng kopya ng lahat ng iyong mga papeles sa hukuman laban sa taong gusto mong hainan ng kautusan sa pagpigil. Hindi ito maaaring ikaw o sinumang nakalista sa kautusan sa pagpigil. Maaaring maging mapanganib na sitwasyon ang paghahatid ng mga papeles. Kung gusto mong ihatid ng sheriff ang iyong mga papeles, gagawin niya ito nang libre. Para sa higit pang impormasyon sa serbisyo, basahin ang [form DV-200-INFO](#), *Ano ang “Patunay ng Personal na Serbisyo”?*

**Bahagi 5: Maghanda at pumunta sa iyong pagdinig sa korte**

Sa iyong pagdinig sa korte, magpapasya ang hukom kung bibigyan ka ng isang pangmatagalang kautusan sa pagpigil na maaaring tumagal ng hanggang limang taon. May opsyon kang dumalo sa iyong pagdinig nang personal o sa malayuan (sa pamamagitan ng phone, o videoconference kung available). Para sa impormasyon kung paano dumalo sa iyong pagdinig nang malayuan, pumunta sa website ng korte. Maaaring mangailangan sa ilang korte ng maagang abiso. Sa pagdinig, magkakaroon ka at ang kabilang panig ng pagkakataon na sabihin ang pananaw mo sa pangyayari. Para sa higit pang impormasyon, basahin ang [form DV-520-INFO](#), *Humanda para sa Pagdinig sa Korte ng Utos ng Pagpigil*. Kung kailangan mo ng mas maraming oras upang maghanda para sa iyong kaso, maaari kang humingi sa hukom ng bagong petsa ng korte. Basahin ang [form DV-115-INFO](#), *Paano Humingi ng Bagong Petsa ng Pagdinig*, para sa higit pang impormasyon.

**Ang impormasyon tungkol sa proseso ng korte ay makikita rin online**

<https://selfhelp.courts.ca.gov/DV-restraining-order/process>.

**Saan ako makakakuha ng libreng tulong?**

May libreng legal na tulong sa self-help center ng iyong korte. Hanapin ang self-help center ng iyong lokal na korte sa [www.selfhelp.courts.ca.gov/find](http://www.selfhelp.courts.ca.gov/find). Hindi kikilos ang mga staff ng self-help center bilang abogado mo ngunit maaari silang makapagbigay sa iyo ng impormasyon upang matulungan kang magpasya kung ano ang gagawin sa iyong kaso, at tulungan ka sa mga form. Maaari ka ring i-refer ng staff sa ibang mga ahensya na maaaring makatulong sa iyo.

**Paano kung nag-aalala ako para sa aking kaligtasan?**

Ang National Domestic Violence Hotline ay nagbibigay ng libre at mga pribadong tip sa kaligtasan. Available ang tulong araw-araw, 24 oras sa isang araw, at sa mahigit 100 na mga wika. Bisitahin online sa [www.thehotline.org](http://www.thehotline.org) o tumawag sa 1-800-799-7233; 1-800-787-3224 (TTY).